

Ang Planong Aksyon ng Ontario: Protektahan, Suportahan, Pagbabawi (Ontario's Action Plan: Protect, Support, Recover)

Ang *2020 Badyet (2020 Budget)* ay magbibigay ng masmaraming mapagkukunan upang palakasin ang pangunang tagapag-alaga ng kalusugan (frontline health care), suportahan ang mga tao at mga maypatrabaho, at ilatag ang batayan upang makabawi para sa pagpapaunlad ng Ontario.

Ngayon, si Finance Minister Rod Phillips ay pinalabas ang *Planong Aksyon ng Ontario: Protektahan, Suportahan, Pagbabawi*-ang susunod na bahagi ng komprehensibong plano ng aksyon ay ang pagtugon sa seryosong pagkaapekto ng COVID-19 sa kalusugan at ekonomiya. Ang *Planong Aksyon ng Ontario* ngayon ay nagpalabas \$45 bilyong suporta para sa tatlong taon bilang paghanda ng mga kailangang pangkalusugan nang patuloy maprotektahan ang mga tao, makapaghatid ng mga programang kritikal at mga paraan sa buwis upang suportahan ang mga pamilya at mga naglilikha ng trabaho na napektuhan ng virus, at ilatag ang batayan para isang matikas na pangmatagalang pagbabawi sa ekonomiya ng probinsya.

Protektahan

Sa kabuuan, ang kasagutan sa kalusugan ng Ontario sa COVID-19 ay \$15.2 bilyon na ngayon. Ang gobyerno ay maglalaan ng \$4 bilyon sa 2021-22 at \$2 bilyon pa sa 2022-23 upang siguraduhing tutugon ang Probinsya na sagutin ang anumang pangangailangan laban sa pandemya. Ang gastusin sa 2020-21 ay kasama ang \$2.8 bilyon upang suportahan ang Paghahanda sa Taglagas para sa Plano ng Kalusugan, Pangmatagalang Pangangalaga at Edukasyon (*Fall Preparedness Plan for Health, Long-Term Care and Education*)- ang pinakamasaklaw at mahusay na plano sa bansa bilang kasagutan sa pangalawang dating ng COVID -19. Kasama rin dito ang karagdagang pondo upang suportahan ang mga kama sa ospital, pamahalaan ang backlog ng pag-oopera at pamimili ng karagdagang bakuna para sa trangkaso.

Ang gobyerno ay maglalaan ng karagdagang \$572 milyon sa mga ospital ng Ontario upang suportahan ang mga karagdagang gastos ng COVID-19, kasama ang pagsusuri, mga sentro ng pagtatasa, laboratoryo, at mga kagamitang medikal, at PPE. Magdudulot ito ng kabuuang pagpopondo sa mga ospital nang higit sa mataas at lampas pa sa naibigay tulad noong nakaraang taon na higit pa sa \$2.5 bilyon. Ang Probinsya ay mamumuhunan ng higit na \$18 bilyon sa pabuyang kapital sa loob ng 10 years upang magtayo ng bago at pinalawak na impra -istruktura ng ospital at harapin ang kinakailangang pahasayin, kasama ang mga pag-aayos at pagpapanatili upang tulungan mabago ang mga ospital sa buong Ontario.

Upang protektahan ang mga minamahal na nasa pangmatagalang pangangalaga mula sa pangalawang dating ng COVID-19, at harapin ang matatagal ng mga isyu sa sistema, ang Ontario ay magbibigay ng higit sa kalahating bilyong dolyar upang makatulong sa mga kinakailangang pagbabago at mga hakbang upang pahasayin ang paghadlang at mapigilan ang impeksyon, mapahintulutan ang pamimili ng maraming personal protective equipment (PPE), at magtayo ng matatag na kabuuang ng manggagawang tagapag-alaga ng kalusugan. Habang ang Komisyon ng COVID-19 sa Pangmatagalang Pangangalaga sa Ontario (Ontario's Long-Term Care COVID-19 Commission) ay kinokumpleto ang pagrerepaso nito, ang gobyerno ay agarang kumikilos upang protektahan ang mga taong madaling tamaan ng sakit sa Ontario. Balak ng Probinsyang magdagdag ng apat na oras sa karaniwang pang araw-araw na direktang pangangalaga sa mga residente ng pangmatagalang pangangalaga (long-term care residents) mula sa nurse o personal support worker (PSW). Ang karagdagan pangangalaga ay mababago sa loob ng parating na apat na taon at magiging pinuno ang Ontario sa mga probinsya ng Canada. Ang hangaring planong ito ay mangangailangan ng malaking pagbabago sa sektor ng long-term care, kasama na ang paghahanap at pagsasanay ng mga sampung libo –libong mga ng bagong tauhan.

“Simula ng unang araw ng pandemya, ang gobyerno natin ay nagbigay ng karapatang bigyan ng prayoridad na unahing protektahan ang mga tao.” ang sabi ni Minister Philips. “Ang panganib sa kalusugan dulot ng COVID-19 ay mananatiling lubhang seryoso. Ginagawa nating nakalaan ang bawat kinakailangang pagkukunan upang maging ligtas ang mga tao kasama na ang ating mga minamahal sa nasa long-term care at ang ating mga bayaning nasa unahang humaharap sa taga-alaga ng kalusugan habang nasa pangalawang dating at sa hinaharap .”

Suportahan

Inihahatid ngayon ng gobyerno ang nakatantiyang \$13.5 bilyon sa kabuuang pagsuporta sa mga tao at sa mga naglilikha ng trabaho bilang bahagi ng *Planong Aksyon ng Ontario*. Ang karagdagang tulong na ito ay titiyakin na ang mga pamilya, mga matatanda, pangangalakal, at manggagawa ay suportado sa pangalawang dating ng COVID-19 at sa hinaharap.

Upang makabawas sa mga karagdagang gastos sa COVID-19, ang mga magulang ay makakatanggap muli ng \$200 sa bawat bata na nasa gulang ng 12 at pababa at \$250 para sa mga bata at kabataang may espesyal na pangangailangan na nasa 21 gulang at pababa. Nangangahulugan na ang pamilyang may tatlong anak na bata bata, at ang isa ay may espesyal na pangangailangan, ay makakatanggap ng \$1,300 sa 2020.

Ang gobyerno ay gumagawa ng mga mahalagang hakbang sa pagprotekta ng mga Senior na mapayagan silang manatili sa kanilang tirahan nang matagalan. Ang Probinsya ay nagmungkahi ng bagong Ang Seniors' Home Safety Tax Credit (Bawasin sa Buwis ng Kaligtasan sa Tirahan ng Matatanda) para sa pagpapabuwis ng taong 2021, na magbibigay ng 25 porsiyento iaawas sa buwis hanggang sa halagang \$10,000 sa karapat dapat na pagpapaayos ng tirahan. Ang mga matatanda ay mabibigyan ng karapatan magkano man ang kanilang kinikita at kung may utang sa buwis sa kita sa taong 2021. Ang mga miyembro ng pamilya na may kasamang Senior ay may karapatan ding tumanggap.

Ang gobyerno ng Ontario ay mananatiling nakatuon sa mga naglilikha ng trabaho sa ganitong di-pangkaraniwang panahon. Ang gobyerno ay naglalaan ng \$300 milyong tulong para sa mga may karapatan na mga pangangalakal sa mga rehiyon kung saan ang Probinsya ay napasyahan na ang binago na Stage 2 sa mga pagbabawal sa kalusugang pampubliko ay kinakailangan, o pasulong, sa mga lugar na tiniyak na Kontrol o Lockdown. Makakatulong ito sa mga tiyak na gastusin tulad ng buwis sa ari-arian at mga singil sa enerhiya. Ang gobyerno ay maglalaan ng karagdagang \$1.8 bilyon sa Support for People and Jobs Fund (Suporta sa Tao at Pondo sa Mga Trabaho) sa loob ng darating na dalawang taon upang manatiling sagutin ang mga dumarating na mga mahalagang pangangailangan at patuloy magbigay suporta sa mga tao ng Ontario.

Ang COVID-19 ay naging dahilan sa pandaigdig na pagsamantalang paghina ng ekonomiya at ang Ontario ay hindi ligtas," sabi ni Minister Phillips. "Bawat estadistika ng negatibong ekonomiya ay nagpapakita ng taong nawalan ng trabaho, isang nababahalang may-ari ng maliit na pangangalakal o ang isang pamilyang hindi makaahon sa hirap. Ngayon kami ay magbibigay ng bagong suporta sa mga matinding dumanas, kabilang ang mga magulang, matatanda at may-ari ng maliit na pangangalakal, habang umaasa sa naibigay na tulong."

Pagbabawi

Habang ang COVID-19 ay makakaapekto sa Ontario at sa buong mundo para sa nakikitang hinaharap, ang *2020 Budget* ay sisimulan itayo ang pundasyon para sa malakas na pagbawi at paglakas ng ekonomiya. Ang gobyerno ay may planong magbigay ng \$4.8 bilyong inisyatibo na susuporta sa mga trabaho ngayon, habang inaayos ang mga hadlang na pumipigil sa pagbawi ng Ontario sa COVID-19. Kasama sa malaking pangunahin iminumungkahi ng gobyerno ay ang pagbabawas sa mga presyo ng kuryente na nakakawala ng trabaho, pagbawas sa buwis sa trabaho, pag-uugnay ng mga hindi napaglilingkuran at kulang sa paglilingkod na mga komunidad sa makasaysayang pagbibigay sa malawak na impra-istruktura, at pagbibigay ng mga manggagawa ng pagsasanay sa kakayahan - kabilang ang mga naapektohan ng pandemya, tulad ng turismo at mga manggagawa na nakikitungo sa mga panauhin - upang tulungan silang iugnay sa mga trabahong malaking pangangailangan kakayahan.

Ang gobyerno ay agarang kumikilos sa pagbawas ng mga buwis sa mga nagpapatrabaho at maging patas ang nakataya sa pamamagitan ng pagbabawas ng mataas na buwis sa ari-arian na pamprobinsyang kalakalan sa halagang 0.88 porsiyento para sa higit na 200,000 ari-arian - o 94 porsiyento sa lahat ng kalakalang ari-arian sa probinsya. Ito ay makakagawa ng \$450 milyong taunang katipiran sa 2021, lumalabas na 30 porsiyetong kabawasan para sa maraming maypatrabaho.

Ang Ontario ay papunta sa higit pang hakbang upang makapagbigay ng karagdagang suporta para sa mga maypatrabahong naapektuhan ng COVID-19. Nabalitaan ng gobyerno mula sa ibang mga munisipyo na nais nila ng karagdagang kagamitan upang mabigyan ng malaking kaluwagan sa buwis para sa mga maypatrabaho sa kanilang komunidad. Sinasagot ng Ontario ang kanilang mga kahilingan mula sa lokal na gobyerno sa pamamagitan ng pagmumungkahing bigyan ang mga munisipyo ng kakayahang bawasan ang buwis sa ari-arian para sa mga maliliit na negosyo at ang pangako ng probinsyang tapatan ang mga pagbabawas na ito. Makapagbibigay ito sa mga maliit na negosyo ng \$385 milyon sa kabuuan ng pang munisipyo at pamprobinsyang tulong sa buwis sa 2022-23, depende sa pagpapatibay ng munisipyo.

Tatapusin rin ng probinsya ang buwis sa trabaho sa karagdagang 30,000 na mga maypatrabaho sa pagmumungkahi na gawing permanente anghindi- itataas ang Employer Health Tax (EHT – Buwis sa Kalusugan ng Maypatrabaho) at di-dagdagan mula sa \$490,000 na maging \$1 milyon. Makakatipid ng \$360 milyon sa 2021-22 ang pribadong sektor ng mga maypatrabaho at maaaring ipuhunan ito sa mga trabaho at pag-unlad. Mga 90 porsiyento ng mga maypatrabaho ay hindi magbabayad ng EHT sa karagdagang tulong na ito.

Kapag ang mga maypatrabaho ay naghahanap sa Ontario ng lugar upang mangalakal, maliwanag na ang mga presyo ng elektrisidad pang komersyo at industriya ng probinsya ay hadlang sa pamumuhunan at nagiging dahilan na ilan sa kanila ay pumupunta sa ibang lugar. Inilalaad ng *2020 Budget* ang planong mabawasan ang pabigat sa mga maypatrabaho sa mataas na halaga ng mga kontrata sa mga gumagawa ng non-hydro renewable energy ng Ontario, na sakaling pabababain nang minsanan para sa lahat. Simula ng Enero 1, 2021, ang bahagi ng halaga sa mga kontratang ito, na ipinasok noong nakaraang gobyerno ay popondohan ng Probinsya at hindi ng mga maypatrabahong nagbabayad ng presyo. Ang halaga ng tulong sa elektrisidad ay matitipid sa pera na maaring gastusin sa paglikha ng mga trabaho. Ang katamtamang laki at mas malaking pang industriya at, komersyo na mga maypatrabaho ay makakatipid ng mga 14 at 16 porsiyento nang alinsunod, sa karaniwan, sa kanilang mga gatos simula sa 2021. Nangangahulugan na ang Ontario ay patungo sa pagkakaroon ng ilang pinakamaliit na kumpitensya sa presyo ng elektrisidad sa mas makumpitensyang presyo kaysa sa karaniwan sa Estados Unidos.

“Lahat tayo sa Ontario ay nakatuon na makaahon sa COVID-19”, sabi ni Minister Philips. “Mahirap isipin ang kinabukasan habang nakikitungo tayo sa pandemyang pandaigdig, nguni’t kung gagawin natin ang ating tungkulin, ang COVID-19 ay malalampasan rin natin ito. Ang ating gobyerno ay may pananagutang alisin ang mga hadlang sa kinakailangang paglaki ng paglikha ng trabaho. Malaking mawawala kung hindi makahabol ang Ontario habang ang buong mundo ay nakabawi na. Hindi nating kayang maghintay.”

Ang *2020 Budget* ay magbibigay liwanag sa kalagitnaan ng mundong kawalang katiyakan, sa pamamagitan ng paggawa ng balangkas na madaling baguhin na kainamang panahon ng plano ng pagtuos batay sa pinakahuling palagay ng ekonomiya. Ito rin ay maghihiwatig ng mapamimiliang mga senaryo na nagpapakita kung paano magbabago ang hinaharap ang pagtutuos ng probinsya depende sa takbo ng pagbabawi sa ekonomiya. Ang gobyerno ay may palagay na depisit na \$38.5 bilyon para sa 2020-21, na hindi nagbago mula sa depisit na ipinalagay sa panahon ng 2020-21 na *2020-21 First Quarter Finances (Unang Ikaapat na bahagi ng Pananalapi)* na napapakita ng mahalagang kinakailangang panggastos laban sa COVID-19. Sa kainamang panahon, ang gobyerno a nagpapalagay ng pagbaba ng mga depisit ng \$33.1 bilyon sa 2021-22 at \$28.2 bilyon sa 2022-23. Sa pagtanggap ng patuloy ng walang katiyakan ng pandaigdig na pandemya, balak ng gobyerno gumawa ng talaan ng maraming taon na plano kabilang ang daan sa pagbalanse sa *2021 Budget* pagdating ng Marso 31, 2021.

Ang mga pinakamahalagang bahagi ng *Planong Aksyon ng Ontario: Protektahan, Suportahan, Pagbabawi*

Protektahan - \$15.2 bilyon, kabilang ang \$7.5 bilyon sa bagong pagpopondo, para sa mahalagang panmadaliang kasagutan ng gobyerno sa COVID-19. Ang pinakamahalaga na kabilang sa bagong pagpopondo:

- Ang dagdagan ang karaniwang direktang pangangalaga mula sa nurse o personal support worker (PSW) sa residente ng long-term care nang apat na oras sa bawat araw sa loob ng apat na taon, nang mamuno ang Ontario sa mga probinsya ng Canada sa pagprotekta sa ating matatanda.
- Gagawing magbigay ng \$4 bilyon sa 2021-22 at karagdagan na \$2 bilyon sa 2022-23 na handugan ng suporta upang protektahan ang kalusugan ng mga tao at suportahan ang laban sa COVID-19 na pandemya.
- Ang pagbubukas ng bagong Cortellucci Vaughan Hospital site na may bagong kwarto ng emerhensiya, makabagong teknolohiya (state-of-the-art) diagnostic imaging at mga kuwartong pang operasyon. Ito ay ang pinaka-unang ospital na magbubukas sa Ontario sa nakalipas na 30 taon na makakadagdag sa bagong kapasidad sa sistema.

Supportahan - \$13.5 bilyon, kabilang ang \$2.4 bilyon na karagdagang suporta sa mga taong bayan at trabaho. Ang pinakamahalaga na kabilang sa bagong pondo:

- Pagbibigay ng \$380 milyon sa mga magulang sa isa pang balik ng pagbabayad, sumusunod ang \$378 milyong pagpopondo sa Marso ng \$200 sa bawat batang hanggang 12 na taong gulang at \$250 bawat bata at kabataan na may espesyal na pangangailangan hanggang sa 21 taong gulang, sa pamamagitan ng Suporta sa Inisyatibo ng Mag-aaral (Support for Learners initiative). Ito ay makakatulong sa dagdag na gastusin ng COVID-19, katulad ng teknolohiya para sa pag-aaral online. Nangangahulugan na ang pamilyang may tatlong anak na bata-bata, at ang isa ay may espesyal na pangangailangan, ay makakatanggap ng \$1,300 sa 2020.
- Pagmungkahi ng bagong Seniors' Home Safety Tax Credit para sa 2021 taxation year — 25 porsiyentong iaawas sa karapat dapat na pagpapaayos ng bahay hanggang \$10,000- upang tulungan ang mga maatanda gawing ligtas ang kanilang tirahan at mas-accessible. Ang mga matatanda ay mabibigyan ng karapatan kahit magkano ang kanilang kinita at kung may utang sa buwis sa kita sa taong 2021. Ang mga miyembro ng pamilya na kasambahay nasumusuporta sa kanila ay mabibigyan din ng karapatan.
- Ang pagbibigay ng karagdagang \$60 milyon sa loob ng tatlong taon simula ng 2020-21 sa Aksyon sa Plano ng Kabataang Lahing Itim (Black Youth Action Plan), pagdoble sa pondo upang palakihin ang kasalukuyang programa at maglikha ng bagong daloy ng makapangyarihan ng ekonomiya na makakasupporta sa Lahing Itim na kabataan upang makamatan ang tagumpay sa panlipunan at ekonomiya.
- Pagbibigay ng \$100 milyon sa loob ng dalawang taon para sa Ang Pagtatatag ng Pondo sa Komunidad (Community Building Fund) upang suportahan ang turismo sa komunidad, mga organisasyon ng kultura at Isport na dumadanas ng matinding pang-gigipit sa pananalapi dahil sa pandemya.
- Pagbibigay nang minsanang emerhensiyang pagpopondo ng \$25 milyon para sa mga institusyon ng sining sa Ontario upang makatulong sa pagkalugi dahil sa COVID-19.

- Ang gobyerno ay magbibigay rin ng karagdagang \$1.8 bilyon sa Support for People and Jobs Fund (Pondong Pangsuporta para sa Mga Tao at Trabaho) sa loob ng darating na dalawang taon 2021-22 at 2022-23 upang manatiling sagutin ang mga dumarating na mga mahalagang pangangailangan at patuloy magbigay suporta sa mga tao ng Ontario.

Pagbabawi- \$4.8 bilyon sa mga bagong suporta upang magtayo ng pundasyon para sa malakas na pagkabawi palakas ng laki ng ekonomiya Kasama sa pinakamahalaga:

- Pagbibigay ng karagdagang lampas ng \$680 milyon sa darating na apat na taon malawak na impra-istraktura na kasama ang paunang pangako, makakadagdag sa pagbibigay ng Ontario sa pangkasaysayang \$1 bilyon upang masiguro ang mga komunidad sa buong probinsya ay magkakaugnay.
- Paghahatid ng maraming trabaho sa Ontario na may masaklaw na plano upang harapin ang kawalan ng trabaho sa mataas na presyo ng elektrisidad, ay makakatulong sa katamtamang laki at malalaking industriya at pang komersiyong maypatrabaho ng mga 14 at 16 porsiyento ng alinsunod, sa karaniwan, sa kanilang mga bayarin ng elektrisidad (at karagdagan gastos ng \$1.3 bilyon sa loob ng tatlong taon).
- Pagbabawas ng buwis sa ari-arian sa mga naglilikha ng trabaho antasan ang kainaman sa pagpapababa ng mataas na presyo ng Business Education Tax (BET - Buwis sa Edukasyon sa Pangangalakal) sa mga 200,000 na maypatrabaho, o 94 porsiyento sa lahat ng ari-arian ng pangangalakal sa Ontario, sa presyo na 0.88 porsiyento. Ito ay nagdudulot ng \$450 milyon na agarang taunang makatitipid at nagpapakita ng 30 porsiyentong kabawasan para sa maraming kalakalan na sa kasulukuyan ay ang pinakamataas na presyo ng BET sa probinsya.
- Sinasagot ng Ontario ang kanilang mga kahilingan mula sa lokal na gobyerno sa pamamagitan ng pagmumungkahing bigyan ang mga munisipyo ng kakayahang bawas sa buwis ng ari-arian para sa mga maliliit na kalakalan at ang pangako ng probinsya na tapatan ang mga pagbabawas na ito. Makapagbibigay ito sa mga maliit na kalakalan ng \$385 milyon sa kabuuan ng pang munisipyo at pamprobinyang tulong sa buwis sa 2022-23, depende sa pagpapatibay ng munisipyo.
- Tatapusin rin ng probinsya ang buwis sa trabaho sa karagdagang 30,000 na mga nagpapatrabaho sa pagmumungkahi na gumawa ng permanenteng dagdag sa paglilibre ng Employer Health Tax (EHT) mula sa \$490,000 maging \$1 milyon. Sa karadagang tulong na 90 porsiyento ng mga maypatrabaho ay hindi magbabayad ng EHT, na makakatipid sila ng \$360 milyon sa 2021-22 na maaring ipuhunan sa mga trabaho at pag-unlad.
- Pangangako sa pagbigay ng suporta sa mga naninirahan sa Ontario hanggang 20 porsiyento para sa karapatan sa gastusin sa turismo ng Ontario upang himukin silang ligtas madiskubre ang Ontario sa 2021 ang taon ng pananatili pagbakasyon (staycation) sa Ontario.
- Pag-uugnay ng mga manggagawa sa sektor ng turismo at pakikitungo sa panauhin at ibang naapektuhan ng pandemya sa pagsasanay at mga trabaho magbibigay ng \$180.5 milyon sa loob ng 3 taon, kasama ang estratehiya ng komersyo, at karagdagan na \$100 milyon na nakaukol na puhunan sa Employment Ontario para sa pagsasanay ng kakayahan, ang binagong Programa para sa Pangalawang Karera (Second Career program), at \$59.5 milyon upang makamtan ang kinakailangang kakayahan.

- Pagbibigay ng \$500 milyon sa loob ng apat na taon pang gawing mas maaasahan, maginhawa at madaling puntahan o hanapin ang mga serbisyo ng gobyerno sa pamaaraan ng Ontario Onwards Acceleration Fund (Patungo sa Mabilisang Pagpondo ng Ontario).

Mga katotohanan

- Mula Hunyo, ang pagtrabaho sa Ontario ay tumaas sa neto na 838,000 na mga trabaho, at mula noong Setyembre, ang pagtrabaho ay umabot sa 95.8 porsiyento sa antas noong Pebrero 2020.
- Ang totoong GDP ng Ontario ay pinalagay sa pagbaba ng 6.5 porsiyento sa 2020 at tataas ng 4.9 porsiyento sa 2021. Ang pagtaas ng ekonomiya ay inaasahang magpatuloy pagkatapos ng 2021, kasama ang totoong GDP na palagay ng tataas ng 3.5 porsiyento sa 2022 bago maging katamtaman sa 2.0 porsiyento paglaki sa 2023.
- Ang *Fiscal Sustainability, Transparency and Accountability Act, 2019 (FSTAA)* ay inuutusan ang gobyerno na magpalabas ng plano sa pagbabawi sa ganap na ang balanseng badget ay hindi na pagpalagay sa huling taon ng maraming taon ng plano sa panuusan. Ang Batas ay kinikilala rin ag pangangailangan ng kadaliang pagbabago at nagbibigay ng kakayahang sumagot sa mga bagong pangyayari. Ganoon na patuloy ang walang katulad na kawalang katiyakan ay mga panganib nauukol sa COVID-19 na pandemiya, ang gobyero ay nagmumugkahi ng mga pagbabago sa FSTAA na saglit itigil ang pangangailangan isama sa plano ng pagbabawi sa *2020 Budget*.
- Ang Ontario ay ang unang may kapangyarihan sa Canada upang magpalabas ng palagay sa pagtutuos na maglarawan ng pag-apekto sa krisis ng COVID-19 sa Ika -25 ng Marso 2020 *Ontario's Action Plan: Kasagutan sa COVID-19*.

Karagdagang mapagkukunan

Ang Planong Aksyon ng Ontario: Protektahan, Suportahan, Pagbabawi

[Buod: Pagprotekta - Mabilis na kasagutan sa COVID-19](#)

[Buod:Suporta - Pagsusuporta sa Mga tao at trabaho](#)

[Buod:Pagbawi - Paglikha ng mga Kondisyon sa Paglaki](#)

[Buod:Pananagutan at Kalinawagang Pamamahala sa mga Pananalapi](#)

[Buod:Ang mga pinakamahalagang bahagi ng Planong Aksyon ng Ontario: Protektahan, Suportahan, Pagbabawi](#)

[Salaysay sa Ekonomiya ng Ontario - Pangalawang ika Apat na bahagi ng taong 2020](#)

[Ang Planong Aksyon ng Ontario: Kasagutan sa COVID-19.](#)